Mensahe Anim

# Ang Kagalakan na Inilagay sa harap ni Kristo at ang Kagalakan na Inilagay sa harap Natin

Babasahin sa Kasulatan: Heb. 12:2; Col. 2:15; Apoc. 19:7-9; Neh. 8:10c

**I. Para sa kagalakan na inilagay sa harap Niya, si Hesus, ang Maykatha at Tagapagpasakdal ng ating pananampalataya, ay "tiniis ang krus, [hinahamak] ang kahihiyan"—Heb. 12:2:**

A. Inibig ng Panginoon ang ekklesia at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya—Efe. 5:25.

B. Inihandog ng Panginoon ang Kanyang sarili sa krus bilang hain para sa mga kasalanan, pinapasan ang mga kasalanan ng marami, ginawang kasalanan para sa mga mananampalataya, pinalalayas ang pinuno ng sanlibutang ito at hinahatulan ang sanlibutang ito, at bilang isang butil ng trigo, nahulog tungo sa kamatayan para sa pagpapalaya ng dibinong buhay—Heb. 9:28; 1 Ped. 2:24; 2 Cor. 5:21; Juan 12:24, 31.

C. Inilalarawan sa Colosas 2:15 ang pakikipagdigma na naganap sa panahon ng pagkapako sa krus ni Kristo:

1. Sa Kanyang pagkapako sa krus ay gumagawa si Kristo upang isakatuparan ang pagtutubos, at gumagawa ang Diyos Ama upang hatulan ang kasalanan.
2. Sa parehong panahon ay abala ang mga pinuno at mga awtoridad sa pagtatangkang hadlangan ang gawain ng Diyos at ni Kristo—b. 15.
3. Ang mga pinuno at mga awtoridad ay ang masasamang anghel, mga natisod na angel na mga tauhan ni Satanas na gumagawa para sa kanya—Efe. 2:2.
4. Habang hinahatulan ng Diyos ang kasalanan, ang masasamang pinuno at mga awtoridad ay naroroon at napakaaktibo, nagkukumpulan sa paligid ng naipako sa krus na Kristo, nagsusumiksik nang labis—Col. 2:15:
    a. Kung hindi sila labis na nagsumiksik, hindi sana sila maaalis ng Diyos.
    b. Ang salitang *inaalis* ay nagpapahiwatig na ang mga pinuno at mga awtoridad ay napakalapit, kasinglapit ng ating damit sa ating katawan.
5. Sa pag-alis sa mga pinuno at sa mga awtoridad, itinanghal sila ng Diyos nang hayagan, inilalagay sila sa kahihiyan at nagtatagumpay sa kanila sa krus—b. 15.

**II. Ang kagalakan na inilagay sa harap natin ay ang Panginoong Hesus, ang Kasintahang lalaki, na dumarating para sa Kanyang kasintahang babae, na ginawang handa ang kanyang sarili—Apoc. 19:7-9:**

A. Ang paggulang ng kasintahang babae—bb. 7-9; Efe. 4:13-15:

1. Ang kahandaan ng sama-samang kasintahang babae ay nakadepende sa paggulang sa buhay ng mga mandaraig—Apoc. 19:7; Heb. 6:1; Fil. 3:12-15; Efe. 4:13.

2. Ang matransporma ay ang mabago nang metaboliko sa ating natural na buhay, samantalang ang gumulang ay ang mapuspos ng dibinong buhay na bumabago sa atin—Heb. 6:1.

B. Ang pagtatayo ng kasintahang babae—Mat. 16:18; Efe. 2:21-22; 4:15-16:
   1. Ang pagtatayo ng Diyos ay ang nais ng puso ng Diyos at ang gol ng pagliligtas ng Diyos—1:5; Exo. 25:8; cf. 1:11; 40:2-3, 34-35.
   2. Ang gol ng pagbabawi ng Panginon ay ang mabawi si Kristo bilang buhay at lahat-lahat sa atin nang sa gayon ay maitayo tayo—Efe. 3:8; 4:16.
   3. Ang pagtatayo ng Diyos ay ang sama-samang kahayagan ng Tres-unong Diyos—1 Tim. 3:15-16; Juan 17:22; Efe. 3:19b, 21.

C. Ang katuwiran ng kasintahang babae—Apoc. 19:7-9; Mat. 5:20; 22:11-13:
   1. Bilang ating subhektibong katuwiran, si Kristo ang Isa na nananahan sa atin upang ipamuhay para sa atin ang buhay na maaaring ariing matuwid ng Diyos at na palaging katanggap-tanggap sa Diyos—5:6, 20.
   2. Ang pamumuhay na tama kapwa sa Diyos at tao ay dapat na ang Diyos bilang ating kahayagan sa ating pang-araw-araw na pamumuhay—2 Cor. 3:9; Efe. 4:24; Col. 3:10.
   3. Si Kristo na ipinamuhay ng mga banal bilang kanilang subhektibong katuwiran ay naging kanilang damit pangkasal—Apoc. 19:8.
   4. Ang damit pangkasal sa Mateo 22:11-13 ay sumasagisag sa Kristo na ipinamumuhay natin at na nahahayag sa pamamagitan natin sa ating pang-araw-araw na pamumuhay bilang ating humihigit na katuwiran—5:20; Apoc. 3:4-5, 18.

D. Ang kagandahan ng kasintahang babae—Efe. 5:25-27:
   1. Bilang kasintahang babae, kailangan ng ekklesia ng kagandahan; ang kagandahan sa Efeso 5 ay para sa paghaharap sa kasintahang babae.
   2. Ang kagandahan ng kasintahang babae ay nagmumula kay Kristo na naisasagawa tungo sa ekklesia at pagkatapos ay nahahayag sa pamamagitan ng ekklesia—3:17a:
      a. Ang tangi nating kagandahan ay ang pagsinag ni Kristo mula sa loob natin.
      b. Ang pinahahalagahan ni Kristo sa atin ay ang kahayagan ng Kanyang sarili.

E. Inihahayag sa Efeso 6 at Apocalipsis 9 na ang ekklesia bilang kasintahang babae ay dapat ring maging isang mandirigma upang talunin ang kaaway ng Diyos:
   1. Ang espiritwal na pakikipagdigma ay isang bagay ng Katawan; tayo ay isang sama-samang hukbo na lumalaban sa digmaan para sa interes ng Diyos sa lupa—17:14; 19:14; cf. 2 Tim. 2:4.
   2. Sa Efeso 5 ang salita ay para sa pagpapakain na humahantong sa pagpapaganda ng kasintahang babae, subalit sa Efeso 6 ang salita ay para sa pagpatay na nagbibigay-kakayahan sa ekklesia bilang sama-samang hukbo upang makidigma sa espiritwal na pakikipagdigma—bb. 17-18.

3. Darating si Kristo bilang isang lumalabang Heneral kasama ang Kanyang kasintahang babae bilang Kanyang hukbo upang labanan si Antikristo sa Armageddon—Apoc. 19:11-21.
4. Ang damit pangkasal—si Kristo na naipamuhay sa atin bilang ating pang-araw-araw na katuwiran—ang nagpapaging-kuwalipikado sa atin hindi lamang upang dumalo sa kasalan bagkus lumahok din sa hukbo upang lumaban kasama ni Kristo laban kay Antikristo sa digmaan sa Armageddon—Mat. 22:11-12; Apoc. 19:7-8, 14.

**III. "Ang kagalakan [ni Jehovah] ang inyong kalakasan"—Neh. 8:10c:**

A. Ayon sa Nehemias 8:10, ang kagalakan ng ating Panginoon ang ating kalakasan:
   1. Hindi ito isang bagay ng pagkakaroon natin ng kalakasan; ang Kanyang kagalakan ang umaalalay sa atin—1 Tes. 5:16.
   2. Walang kinalaman ang kagalakan ng Panginoon sa mga sirkumstansiya; Siya ay nagalak sa kalooban ng Diyos; may kagalakan sa pagkaalam at paggawa ng kalooban ng Diyos.
   3. Hindi natin dapat sikaping gayahin ang Panginoon kundi tanggapin ang kagalakan ng Panginoon:
      a. Maaari tayong magkaroon ng isang bagay ng Panginoon na naipamahagi sa atin.
      b. Maaari tayong magkaroon ng kagalakan ng Panginoon; ang Kanyang kagalakan ang magiging ating kalakasan.

B. Sa katapusan ng kanyang buhay ay sinabi ni Kapatid Nee, sa gitna ng kanyang mga pagdurusa, "Pinanatili ko ang aking kagalakan"—Watchman Nee—*a Seer of the Divine Revelation in the Present Age*, p. 182.

C. Ang *pinanatili ko ang aking kagalakan* ay nagpapahiwatig na isinasagawa niya ang salita ni apostol Pablo sa Filipos 4:4: "Magalak kayong lagi sa Panginoon."

D. Sa pamamagitan ng awa at biyaya ng Diyos, mapanatili nawa natin ang ating kagalakan sa pamamagitan ng kagalakan ng Panginoon bilang ating kalakasan.

*© 2023 Living Stream Ministry*